



EDITORIAL

Biguin ang sabwatan nila Duterte at Marcos sa halalang 2022

Bagaman may panahon pa bago mapinal ang aktwal na mga kakandidato, nabubuo na ang malagim na larawan ng halalan sa 2022. Sa partikular, matinkad na matinkad na kung papaano itong gagamiting daan para patuloy na makapanatili sa kapangyarihan ang pangkating Duterte at tuluyang makapanumbalik sa Malacañang ang mga Marcos.

Isasagawa ang halalang 2022 sa ilalim ng paghahari ng pasistang tiraniya ni Duterte na desperadong kumapit sa poder upang ipagpatuloy ang burukrata-kapitalistang paghahari ng kanilang dinastiya.

Ginagamit ngayon ni Duterte ang kanyang kapangyarihan para tiyakin ang suporta para sa kanyang mga piniling kandidato. Daan-daang bilyong piso sa ilalim ng dambuhalang badyet para sa 2022 ang nakalaan sa mga proyektong pang-imprastruktura na ibinibigay sa mga pinapaburang pulitiko kapalit ng kanilang katapatan.

Lubusang ginagamit din ni Duterte ang militar at pulis pabor sa kanyang pampulitikang adyenda.

Ipinag-utos ni Duterte na supilin ang mga pulitikong hindi yumuyuko sa kanya sa tabing ng “drug war” at “counterinsurgency.” Ang pinalaki pang badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) ay ginagamit pabor sa mga pulitikong nakikipagtulungan sa militar at pulis. Walang habas ang pagkampanya nito laban sa mga progresibong *party-list* na bagaman maliit na minorya ay nagsisilbing malakas na boses ng taumbayan sa parlamento. Puspusan ding sinusupportahan ng NTF-ELCAC ang mga partidong nagtataguyod sa pagsismo ng AFP.

Hawak ni Duterte ang Comelec na mayorya ng mga upisyal ay mga

tauhanang hinirang niya. Ibinigay nito ang kontrata sa pagdedeliber ng mga balota sa kumpanyang pag-aari ni Dennis Uy, kilalang kroni ni Duterte. Pasilip ito sa tiyak na manipulyasyon sa magiging resulta ng eleksyon. Ang banta ni Duterte habang nakaharap sa mga pulitiko sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao na gagamitin ang militar kapag “nagkagulo” ay hindi magpakamaling kautusan na tiyakin ang boto para sa kanyang pangkat.

Taliwas sa dating deklarasyong tatakbo siyang bise-presidente, hindi nagsumite ng kandidatura si Duterte at nagdeklarang “magreretiro na” sa pulitika (na hungkag na rin niyang sinabi noong 2015). Sa halip, ang tapat niyang alipures na si Bong Go ang nagrehistrong kandidatong bise-presidente ng PDP-Laban. Kasabay nito, idineklara ni Duterte na ang anak niyang si Sara ang magiging kandidatong presidente ni Go.

Malamang na may negosasyon pa kung papaano sila maghahatian sa poder sakaling ang pinal na suportahan ni Duterte ay si Ferdinand “Bongbong” Marcos, Jr., na nagre-histrong kandidato sa pagkapangulo sa ilalim ng “Partido Federal ng Pilipinas,” na binuo ng mga pulitikong upisyal din ni Duterte. Ani Marcos, bagaman balak niyang makatambal si Duterte bilang kandidatong bise-presidente, bukas daw siyang makatambal si Bong Go, o sinumang ipapalit na kandidato ng pangkating Duterte.

Dapat puspulang batikusin at iwaksi ang pagtakbo ni Bongbong Marcos bilang presidente sa pagtatangang lubos na ipapanumbalik ang pamilya ng pasistang diktador sa poder. Napakasaklap ng posibilidad na gunitain ang ika-50 taon ng madilim na panahon ng batas militar na nasa ilalim ng isa na namang Marcos.

Ang posibilidad na pagtatambal ng mga Marcos at Duterte ay bahagi ng nagpapatuloy nilang sabwatan, kasama ang pangkatin ni Arroyo, sa nagdaang anim na taon. Sa ilalim ni Duterte, nabigyan ng pabor ang mga

Marcos, pinarangalan bilang “baya-ni” ang diktador at pinalusot ang asawa niyang si Imelda sa pag-aresto at pagkukulong. Ang sabwatang Duterte-Marcos-Arroyo ang pinakamaitim na simbolo ng pasismo, korapsyon at pagmamalabis sa Pilipinas.

Sa nagdaang mahigit 35 taon, ginamit ng mga Marcos ang daang bilyong pisong nakaw na yaman ng upang makabalik sa iba’t ibang sangay ng guberno, baguhin ang pangkasaysayang husga ng sambayanan sa diktadura, at asintahin ang pagbabalik sa tuktok ng kapangyarihan.

Ang banta ng pananatili sa kapangyarihan ni Duterte at kanyang mga alipures, at ng panunumbalik sa poder ng mga Marcos, ay lalong gumagatong sa nag-aalab na galit ng sambayananang Pilipino. Walang pag-sisidlan ang poot nila laban sa dalawang pasista na kapwa naghari sa pamamagitan ng panunupil, pandarabong at pagpapahirap.

Ang iskema ng mga Duterte at Marcos na palawakin at palawigin ang kanilang kapangyarihan ay tiyak

na magluluwal ng malaking labang pampulitika sa mga darating na buwan. “Huwag nang payagang muli!” ang nagkakaisang sigaw ng malawak na mga pwersang demokratiko at panata na labanan ang panunumbalik ng mga Marcos at pananatili ng mga Duterte sa poder.

Dapat magkapit-bisig at buuin ang pinakamakapal at pinakamalapad na hanay para hadlangan sila Duterte at Marcos sa kanilang maitim na balaking ipailalim ang bayan sa kanilang tambalang paghahari. Mainam na magtulungan at magbigayan ang lahat ng partidong anti-Duterte upang mabuo ang kanilang pagkakaisa sa kapakinabangan ng lahat ng panig at ng buong bayan. Dapat kumilos ang buong bayan, laluna ang mga kabataan, at iparinig ang nagkakaisang sigaw laban sa banta ng pasismo at diktadura sa ilalim ng mga Duterte at Marcos.

Ang pagsasabwatan nila Duterte at Marcos sa eleksiyong 2022 ay tanda ng lalong pagkabulok ng naghaharing sistema sa Pilipinas. Ipinakikita nito na ang paghaharing pampulitika ng mga reaksyunaryong uri sa Pilipinas ay lalong nagiging mapang-api sa bayan at nagsisilbi sa interes ng iilan.

Wasto na hinaharap ng taumbayan ang darating na halalan bilang larangan ng pakikipaglaban sa tiraniya ni Duterte at sa panunumbalik ng mga Marcos. Sa panahong ito, dapat din paigtingin ang pakikibaka ng mga manggagawa, magsasaka, at iba pang demokratikong sektor upang isulong ang kanilang kagalingan sa gitna ng krisis at pandemya.

Dahil nananatili pa rin ang mapang-api at mapagsamantalang sistema sa Pilipinas, ang darating na halalan ay hindi maiiba sa saligan sa lahat ng nakaraang eleksyon na paligsahan ng mga kinatawan ng naghaharing uri. Kung gayon, habang nakikihamok sa halalan, dapat magpunyagi ang sambayanan sa pagbagtas sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka para wakasan ang paghahari ng buong bulok na sistema. AB

 <p>Tomong LIII Blg. 19 Oktubre 7, 2021</p> <p>Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.</p> <p> @cpp_angbayan</p> <p> fb.com/editorsofAB</p> <p> cppinformationbureau@gmail.com</p>	<h2 style="text-align: center;">Nilalaman</h2> <p>Editorial: Biguin ang sabwatan nila Duterte at Marcos sa eleksiyong 2022 1</p> <p>Mga bagong kandidato ng Makabayan 3</p> <p>Mga Pulang mandirigma, minasaker 3</p> <p>Mga opensiba, inilunsad ng BHB-Negros Duterte, Marcos, walang pinag-iba 4</p> <p>Mga protestang bayan 4</p> <p>Tuloy ang ligaya ng mga heneral sa 2022 5</p> <p>Badyet para sa 2022, niratsada 5</p> <p>Kailan aabot sa kanayunan ang mga bakuna Sa madaling salita 6</p> <p>Mga sandata sa brutal na pambobomba 8</p> <p>Karapatan sa paninirahan, sasagasaan 9</p> <p>Mga magsasaka ng palay, lugi 10</p>
<p>Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas</p>	

Mga bagong kandidato ng Makabayan para sa Senado at Kongreso

Pormal na ihinirang ng koalisyong Makabayan sa pambansang kumbensyon nito noong Setyembre 27 sina Atty. Neri Colmenares at unyonistang si Elmer Labog bilang kandidato sa pagkasenador sa halalang 2022. Bago nito, nag-anunsyo noong Setyembre 26 ang mga progresibong partidong Bayan Muna, Anakpawis Partylist, Gabriela Women's Party, Kabataan Partylist at ACT Teachers Partylist ng kumpletong listahan ng kanilang mga nominado sa Kongreso.

Inihalal ng Bayan Muna bilang unang nominado nito si Teddy Casiño, kasunod sina Rep. Ferdinand Gaité bilang pangalawang nominado at si Amirah Lidasan, pangkalahatang kalihim ng Moro Christian People's Alliance at kumbenor ng Sandugo.

Muling inihalal ng Gabriela Women's Party si Rep. Arlene Brosas bi-

lang unang nominado. Tatayong pangalawa at pangatlong nominado sina Dr. Jean Lindo at Lucy Francisco.

Inihalal ng Anakpawis Partylist ang dating kalihim ng Department of Agrarian Reform at kinatawan nito mula 2004 hanggang 2013 na si Rafael "Ka Paeng" Mariano bilang unang nominado. Sina Lana Linaban ng Kilusang Mayo Uno at Francisco Mariaze-

ta, Jr. ang tatayong pangalawa at pangatlong nominado ng partido.

Pinili rin ng ACT Teachers Partylist ang kasalukuyan nitong kinatawan sa Kongreso na si Rep. France Castro bilang unang nominado. Sina Antonio Tinio, na kumatawan sa partido sa Kongreso mula 2010 hanggang 2019, ang pangalawang nominado at si Dr. David Michael San Juan ang pangatlo.

Si Raoul Manuel, dating presidente ng National Union of Students of the Philippines, ang pinili ng Kabataan Partylist bilang unang nominado. Sina Angelica Galimba at Jandeil Roperos ang magsisilbing pangalawa at pangatlong nominado ng partido. **AB**

Maysakit na mga Pulang mandirigma, tulog nang minasaker

Iniulat ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang tahasang paglapastangan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa internasyunal na makataong batas sa pagmasaker sa apat na Pulang mandirigma sa Negros. Dalawang mandirigma naman sa Cordillera ang dinukot at pinahihirapan para "sumurender."

Wala sa katayuang lumaban at natutulog ang apat na Pulang mandirigma nang paslangin sila ng mga tropa ng 303rd IBde sa Hacienda Builders, Barangay San Pablo, Manapla, Negros Occidental noong Setyembre 30, alas-2 ng madaling araw. Tumuloy ang apat sa naturang lugar para magpagaling sa trangkaso.

Pinarangalan ng BHB-Negros Island ang apat na namartir na sina Marilyn Badayos (Ka Monet), Rudy Carbajosa (Ka Brod), Ronilo Desabille (Ka Wowie), at Rufino Bocaval (Ka Simo).

Mahigit isang buwan nang itinatago ng 503rd IBde ang mag-asawang Ricca Llanes at Daniel Ladan, Jr. na dinukot ng mga tropa nito noong Agosto 7. Ang mag-asawang Pulang mandirigma ay makikipagkita noon sa kanilang mga kamag-anak. Nakapiit sila sa hedkwarters ng 503rd IBde sa Calanan, Tabuk City, Kalinga at pinagkakaitan ng karapatang magkaroon ng abugado

at makita ng pamilya.

Pagpaslang. Pinagbabaril ng mga elemento ng 9th ID si July Barotillo, dating lider ng grupong Bayan, sa kanyang bahay sa Barangay Lamon, Goa, Camarines Sur noong Oktubre 1. Siya ay tumatayong Barangay Secretary ng kanilang lugar.

Pag-aresto. Nakakulong sa gawa-gawang kasong pagpaslang ang boluntir na guro ng paaralang Lumad na si Lorena Sigua. Inaresto siya noong Setyembre 19 ng mga pulis sa hangganan ng bayan ng Marilao at San Jose del Monte sa Bulacan.

Anim na sibilyan ang iligal na inaresto ng militar sa Masbate matapos bansagang mga kasapi ng BHB. Inaresto noong Setyembre 26 si Chito Huligaña sa Barangay Nainday, Placer. Malisyosong inakusahan ang biktima bilang mataas na upisyal ng BHB.

Bago nito, inaresto sina Michael Funelas, Myra Letada, Maricris Le-

tada, Sheryl Salazar at Vicky Ontog noong Setyembre 25 sa Barangay Piña, San Jacinto.

Sa ulat ng BHB-South Central Negros noong Oktubre 4, inaresto ng mga sundalo ang magsasakang si Pedro Montecino at anak na si Christopher sa Sityo Kubay-Anahaw, Barangay Carabalan, Himamaylan City. Hanggang ngayon ay hawak ng 94th IB ang mag-ama.

Inaresto ng mga pulis at militar sa gawa-gawang mga kaso sina Lino Baez ng Bayan-Batangas at Willy Capareño ng Anakpawis-Batangas sa tinutuluyang bahay sa Mangalang 1, Sariaya, Quezon alas-2 ng umaga noong Oktubre 6. Hinahanap pa ng pamilya ang kanilang kinaroroonan.

Pambobomba. Makailang ulit na naghulog ng bomba ang Philippine Air Force (PAF) sa Barangay Dungeg, Sta. Teresita, Cagayan noong Setyembre 21 na lubhang nakaapekto sa sakahan at kabuhayan ng mga magsasaka.

Sa Northern Samar, inistraping at anim na bomba ang inihulog ng militar gamit ang isang FA-50 fighter jet at iba pang eroplanong pandigma

"Mga Pulang..." ituloy sa pahina 4

Mga opensiba, inilunsad ng BHB-Negros

NAGLUNSDAD NG OPERASYONG isnayp ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros laban sa detatsment ng militar sa Barangay Budlasan, Canlaon City, Negros Oriental noong Setyembre 22. Isinagawa ang armadong aksyon bilang pagbibigay hustisya sa masaker sa mga magsasaka sa naturang lugar noong Marso 2019. Isang sundalo ng 62nd IB ang napatay sa armadong aksyon.

Inatake ng BHB-South Central Negros ang nakahiwalay na nag-ooperasyong yunit ng 94th IB sa Sityo Kubay-Anahaw, Barangay Carabalan, Himamaylan City noong Oktubre 1. Apat na sundalo ng 94th IB ang nasugatan sa 10-minutong labanan.

Sa Camarines Sur, inisnayp ng BHB-East Camarines Sur ang nag-ooperasyong tropa ng 83rd IB sa Barangay Scout Fuentebella, Goa noong Oktubre 1. Isa ang napaslang na sundalo.

Napatay sa operasyong partisano ng BHB-Albay ang upisyal sa paniktik ng Philippine National Police-Guinobatan sa Barangay Peñafrancia, Daraga noong gabi ng Setyembre 25. Sangkot ang naturang upisyal sa pagbubuo ng lambat paniktik sa mga komunidad at makailang ulit nang nagpahamak sa masa.

Duterte, Marcos, walang pinag-iba

PINAMUNUAN NG BAGONG Alyansang Makabayan (Bayan) at Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (Carmma) ang protestang bayan sa Maynila noong Setyembre 21 bilang paggunita sa ika-49 na taon ng deklarasyon ng batas militar ni Ferdinand Marcos.

Ayon sa mga nagprotesta, mahalaga ang paggunita sa batas militar dahil sa pag-iral ng hibo ng pasismo at mga banta ng pangungunyapit sa pwesto ng tiranong si Duterte. Kailangang alalahanin ang madidilim na taon para pigilan ang pagbabalik ng mga Marcos sa Malacañang at rebisyunismo sa kasaysayan nito.

Nagkaroon ng katulad na mga pagkilos sa mga syudad ng Baguio, Calamba, Cebu, Iloilo, Davao at Cagayan de Oro, gayundin sa Cavite at Cagayan Valley.

Kasabay nito, nangalampag ang mga manggagawang pangkalusugan para sa makataong pagtrato sa kanilang hanay sa Bacolod City. Isang araw bago nito, nagpiket din ang mga magsasaka sa sentro ng Bacolod City para gunitain ang Escalante Masacre na naganap noong panahon ng diktadurang US-Marcos.

Sa ibayong dagat, inilunsad ang koordinadong mga protesta sa United Kingdom, HongKong, Montreal sa Canada, France, Netherlands, Chicago, Manhattan sa New York, Seattle, Korea at Belgium.

Naglunsad din ang iba't ibang grupo ng mga porum, protestang *online*, mga pagpupulong at iba pang porma ng mga aktibidad.

"Mga Pulang..." mula sa pahina 3

sa San Francisco, Las Navas noong Setyembre 16. Tumagal ang pambobomba ng halos pitong oras na nagtulak sa mga residente na pansamantalang magbakwit sa kalapit na baryo.

Sa sumunod na araw, naghulog din ang PAF ng bomba at nag-istraping sa Barangay E. Duran, Bobon. Natulak ang may 2,000 residente na pansamantalang magbakwit sa sentro ng Bobon. **AB**



Mga tsuper laban sa pagtaas ng presyo ng langis. Nagprotesta ang mga tsuper at kabataan sa East Avenue, Quezon City noong Oktubre 5 para kundenahin ang anim na linggong sunud-sunod na taas-presyo ng langis. Sa taya ng Piston, umabot na sa ₱4 kada litro ang itinaas ng presyo ng gasolina, ₱5.65 kada litro para sa *diesel* habang ₱5.30 naman ang *kerosene*.

Pandaigdigang Araw ng mga Guro. Ginunita ng Alliance of Concerned Teachers ang Pandaigdigang Araw ng mga Guro noong Oktubre 5 sa Mendiola, Manila. Ipinanawagan nila ang disentang sahod, benepisyo at ayuda sa gitna ng krisis sa ekonomya at kalusugan. Kinundena rin nila ang papatinding atake ng rehimeng Duterte at kapabayaan nito sa lugmok na kalagayan ng mga guro. Nagkaroon din ng protesta ang mga guro ng Manila Science High School sa labas ng kanilang paaralan.

Demolisyon sa Manila Bay, tinutulan. Nagpiket ang mga mangingisda at grupong makakalikasan sa harap ng Manila Bay noong Setyembre 24 para kundenahin ang patuloy na pagtutulak ng rehimeng Duterte na idemolis ang mga pangisdaan ng talaba at tahong sa Cavite City, Bacoor City, Noveleta at Kawit. Kasama ng mga mangingisda ang mga aktibistang pangkalikasan na nagprotesta bilang paglahok sa Global Climate Strike.

Kabataan Partylist, nagpiket sa Comelec. Nagpiket noong Setyembre 29 ang mga myembro ng Kabataan Partylist sa harap ng Comelec sa Intramuros, Manila upang ipanawagan ang komprehensibo, mahusay at madaaling mapuntahan na paraan ng pagrerehistro para sa milyun-milyon pang potensyal na mga botante. Noong Setyembre 30, pinalawig na ang pagpaparehistro hanggang Oktubre 31.

Mga manggagawa sa piyer, ibalik na. Nagpiket ang Unyon ng mga Manggagawa sa Harbour Centre sa harap ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong Setyembre 30 upang igiit ang paglalabas nito ng kautusan para makabalik na sa trabaho ang 216 manggagawang sinisante ng kumpanya noong Enero. Ito ay alin-sunod sa desisyon ng Korte Suprema noon pang Hunyo 28 na nag-uutos na ibalik na sila at gawing regular. Bago nito, 2017 pa nagdesisyon ang DOLE na dapat silang gawing regular.

Badyet ni Duterte sa 2022:

Tuloy ang ligaya ng mga heneral

Nagbanta si Rodrigo Duterte noong Setyembre 24 na hindi siya mag-aatubiling gamitin ang militar oras na "maging magulo" ang eleksyon sa 2022. Sa napakarami nang pagkakataon, tiwala ang tirano na nananatiling hawak niya ang katapatan ng mga heneral ng Armed Forces of the Philippines (AFP) dahil sa kanyang patuloy na buhos ng pabor para sa kanila.

Sa badyet pang-2022, ₱222 bilyon ang hinihingi ng Department of National Defense (DND), ang ahensyang nangangasiwa sa militar—mas mataas nang ₱16.2 bilyong kumpara ngayong taon.

Ang Philippine Army ang tanggap ng ₱103 bilyon. Ang mahigit 100,000-lakas tauhan nito ang namamamayagpag ngayon sa panliligalig sa mga baryo at komunidad sa brutal na gerang kontra-insurhensya ng rehimen. Kapwa tig-₱32 bilyon ang matatanggap ng Navy at

Air Force.

Halos ₱630 milyon ang direktang kokontrolin ng upisina ni Sec. Delfin Lorenzana. Bahagi nito ang ₱109 milyon para sa batbat sa katiwaliang programa sa pagpapasurender na Enhanced Comprehensive Local Integration Program. Ipinapanukala rin ni Lorenzana na ang pamamahagi ng ₱35 bilyon para sa programang "modernisasyon" ng AFP ay ipaubaya kay Duterte. Magmimistula itong dagdag sa *pork barrel* ng presidente na maaari niyang

buu-buong ipamigay sa paboritong mga heneral.

Bumabaha ang *pork barrel*

Maliban sa badyet ng DND, may hiwalay pang ₱29.2 bilyon na hinihingi ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Lumobo ang badyet ng ahensya nang ₱11 bilyon kumpara sa kasalukuyang taon.

Ang ₱28.12 bilyong bulto ng hinihingi nitong pondo ay muling mapupunta sa Barangay Development Program (BDP). Sa ilalim ng BDP, tanggap umano ng ₱20 milyon ang kada barangay na "nalinis" na sa impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Noon pang Enero 2021 inilantad ng Partido ang BDP bilang *pork barrel* ng mga heneral para kontrolin ang mga gobernador at meyor sa eleksyong 2022. Karagdang ₱1.08 bilyon ang hiningi ng Department of Interior and Local Government para ipampuno sa pondo ng NTF-ELCAC.

Para sa taong ito, bumaha na ang *pork barrel* ng BDP sa balwarte ng pamilyang Duterte sa Davao City at rehiyon ng Davao. Nasa ₱4.3 bilyon ang inilaan sa rehiyon, habang ₱1.64 bilyon naman ang sa Davao City. Binuhusan din ng pondo ang Caraga, Northern Mindanao at Soccsksargen (South Cotabato, Cotabato, Sultan Kudarat, Sarangani, General Santos).

Sa mga rehiyong pinaburan ng pondo ng BDP naganap ang malaking bilang ng mga pagpaslang sa mga sibilyan, iligal na pag-aresto at iba pang paglabag sa karapatang-tao mula nang maupo si Duterte sa pwes-to hanggang kalagitnaan nitong taon.

Ang mga mambabatas lang ng bloke ng Makabayan ang kumontra sa pagrarratsada ng rehimen sa kontra-mamamayang badyet nito. Samantala, nangako naman ang ilang senador na tatanggalan ng pondo ang NTF-ELCAC.

Badyet para sa 2022, niratsada

KASUNOD NG UTOS ni Rodrigo Duterte, mabilisang inaprubahan ng kanyang mga alipures sa Kongreso noong Setyembre 30 sa ikalawa at ikatlong pagbasa sa panukalang badyet para sa 2022 kahit pa namumutiktik ito sa anomalya.

Ang ₱5.02 trilyong panukalang badyet ang pinakamalaki sa kaysaysayan ng bansa. Bahagi nito ang ₱8.2 bilyong badyet ng Office of the President. Mahigit kalahati nito (₱4.5 bilyon) ay para sa "intelligence and confidential funds" na hindi isinasapubliko kung paanong ginagamit.

Nagdudumilat din ang pambabarat sa pagtugon sa pandemya at pampublikong kalusugan sa kabila ng pagkasadlak ng bansa sa kumunoy ng Covid-19. Walang inilaan na badyet para sa bagong kagamitan o imprastruktura ng 72 pampublikong ospital, gayong labis nang nabibilaukan ang mga ito sa pagtanggap ng mga pasyenteng may Covid-19. Wala ring katulad na badyet para sa Research Institute for Topical Medicine na isa sa pangunahing mga nagpoproseso ng mga *testing* para sa Covid-19.

Kabilang sa mga kinaltasan ng badyet ang Philippine General Hospital, na nilaanan lamang ng ₱5.66 bilyong badyet. Binawasan din ng ₱14 bilyon ang badyet sa kagamitan at operasyon ng 64 pampublikong ospital.

Wala ring pondo para sa benepisyo ng mga manggagawang pangkalusugan na nasa harap ng laban sa pandemya. Binawasan din ang dati nang nagkukulang na badyet para sa mga serbisyong pangkalusugan at mga gamit tulad ng mga *personal protective equipment*. Ang pondo naman para sa mga *booster shot* na bakuna ay itinuring na diprogramado at ipaghahanap pa ng pondo, o kaya'y ipangungutang pa.

Kailan aabot sa kanayunan ang mga bakuna?

Matagal pa bago makaabot sa kanayunan ang mga bakuna. Sa nakaraang pitong buwan, batbat ng kakulangan ng suplay, kabagalan at paboritismo ang kampanya ng pagbabakuna laban sa Covid-19 sa Pilipinas. Noong Hulyo, inireklamo ng maraming opisyal sa lokal na guberno ang madalas na pagpabor ni "vaccine czar" Gen. Carlito Galvez sa mga lugar na pinaghaharian ng pamilya, alipures at mga kapartido ni Rodrigo Duterte. Sa matagal na panahon, ipinagbawal din ang pagbili ng mga lokal na guberno sa mga kumpanyang parmasyutika labas sa inareglong kontrata ng mga tauhan ni Duterte sa gubyernong Chinese.

Kaalinsabay ng salat, mabagal at tagibang na distribusyon ng bakuna, patuloy ang pagkalat ng bayrus, laluna ng mas nakahahawang baryant nito na Delta, sa lahat ng sulok ng bansa. Naitala ang abereyds na 20,000 arawang bagong kaso ng impeksyon noong Setyembre 9-15, ang pinakamataas na lingguhang bilang mula nang magsimula ang pandemya.

Sumirit ang tantos ng impeksyon sa Isabela, mga prubinsya ng Samar, Misamis Oriental, Bukidnon, General Santos City at mga lugar na dating itinuring na "mababa ang risiko." Maraming antas-kwentong tanda ng pagragasa ng pandemya sa kanayunan na hindi kumpirmado dahil hindi umaabot sa mga lugar na ito ang *testing* at *contact tracing*. May mga ulat nang nahawa ang ilang yunit ng Bagong Hukbong Bayan na naggagawaing masa.

Nagtala ng pagbaba ng mga kaso ng impeksyon sa unang linggo

ng Oktubre. Pero ayon na rin sa DOH, ito ay dahil bumaba ang bilang ng mga isinasagawang test at mga problema sa pag-uulat. Noong Oktubre 6, mahigit 2.6 milyon nang Pilipino ang nahawa at halos 39,000 na ang namatay sa sakit na Covid-19.

Noong Oktubre 1, 74.7 milyong dosis pa lamang ng bakuna ang dumarating sa Pilipinas. Lampas kalahati pa lamang ito sa kinakailangan para buong mabakunahan ang hindi bababa sa 77 milyong target na populasyon ng bansa. Ang 40.5 milyong dosis ay binili mula sa kumpanyang Chinese na Sinovac sa sikretong halaga. Ang iba pa ay donasyon mula sa Covax Facility ng World Health Organization.

Noong Setyembre 30, 45.6 milyong bakuna pa lamang o 61% ng suplay ang naiturok. Sa target na bakunahan ngayong taon, 21.36 milyon pa lamang o 27.69% ang nabakunahan ng dalawang dosis. Ang

tantos na ito ay isa sa pinakamababa sa Asia. Isa rin ito sa mga dahilan kung bakit nahuhuli ang Pilipinas sa 53 bansang tinasa sa usapin ng kakayahang bumangon mula sa pandemya.

Ibinuhos ang kalakhan ng bakuna sa National Capital Region (NCR) at kalapit nitong mga rehiyon na Calabarzon at Central Luzon para pabilisin umano ang pagbubukas sa ekonomya. Sa mga rehiyon na ito naiturok ang 57.49% ng mga bakuna o 26.22 milyong dosis.

Malalayo ang agwat ng tantos ng buong nabakunahan sa pagitan ng mga rehiyon, gayundin sa pagitan ng mga sentrong syudad at prubinsya. Pinakamataas ang tantos ng buong nabakunahan sa NCR (72%). Malayong kasunod ang Cordillera Autonomous Region (28.13%) at Davao Region (25.44%).

Pinakamababa ang tantos ng buong nabakunahan sa Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao (8.7%) at Soccsksargen (13.9%). Ang tantos na naitala sa natitira pang mga rehiyon ay naglalaro sa pagitan ng 15% at 20%.

Halos Setyembre na nang ambunan ng malaki-laking bilang ng bakuna ang mga lugar na "mababa ang risiko." Isa rito ang rehiyon ng Bicol na nakapagturok pa lamang ng 1.16 milyong dosis hanggang noong Setyembre 27. Nasa 13.7% pa lamang sa target na populasyon sa rehiyon ang naturukan ng dalawang dosis.


Samantala, nakatakda nang simulan ngayong Oktubre sa rehiyon ng Davao ang pagbabakuna sa pangkalahatang populasyon, kabilang ang mga batang edad 12-17. Ang rehiyon ang isa sa may pinakamataas na bilang ng nabakunahan (2.15 milyon) relatibo sa target nitong populasyon (3.76 milyon). Kalahati sa mga ito ay mga residente ng Davao City, kung saan meyor at bise-meyor ang mga anak ni Duterte.



70 ORGANISASYON AT 900 INDIBIDWAL ang nagpetisyon laban sa

Pasig River Expressway (PAREX)
Project ni **Ramon Ang**
na magpapalala sa trapiko
sa lugar at magdudulot ng pinsala
sa ekosistema ng ilog.

Pinagkunan: AltMobility PH



**Bienvenido
Lumbera**

**Abril 11, 1932
– Setyembre
28, 2021**

makata, mandudula, kritikong
pangkultura at pampanitikan
at guro, Pambansang Alagad
ng Sining at aktibistang
pambansa-demokratiko.

\$385 bilyon

ang ipinautang ng China
sa 165 mahihirap na bansa,

lampas sa kanilang
kakayahang bayaran.
Mababaon ang mga ito
sa utang at mapipilitang
isuko sa China ang kanilang
natural na **rekurso** bilang
kabayaran.

Pinagkunan: AidData


596

 Pilipino na may
yamang ₱2.5 bilyon

at **2,200** na may yamang
₱1.5 bilyon

ang dapat patawan ng **1%-3%** na “**buwis
sa yaman.**” Ang buwis sa 50
pinakamayayaman pa lamang ay
makalilikom ng ₱236.7 bilyon kada
taon — pondong maaring gamiting pang-
ayuda sa pandemya.

Pinagkunan: Ibon Foundation



3,000

 palaisdaan ng bangus
ang mawawasak

sa napipintong pagsisimula ng **pagmimina
ng magnetite** sa **Lingayen Gulf** sa Pangasinan.

Pinagkunan: Pangasinan People's Strike for the Environment

₱3,000-₱9,000

ipinapanukalang “singular allowance”
na tinanggihan ng mga healthworker

dahil iniikutan nito ang pagbibigay
ng mas mataas na mga benepisyo.
Sa **1.8 milyong manggagawang
pangkalusugan, 526,727** lamang
ang **makatatanggap** nito.

Pinagkunan: Alliance of Health Workers




900

 indibidwal na nakabase
sa **Pilipinas** ang pinangalanan
sa tinaguriang **Pandora Papers,**

mga dokumentong naglalaman ng impormasyon tungkol
sa **tagong mga kumpanya** at **ari-arian** ng pinakamayayaman
sa buong mundo. Dalawa dito ang mga **alipures ni Rodrigo
Duterte** na sina **Sec. Arthur Tugade** at **Dennis Uy.**

Pinagkunan: Philippine Center for Investigative Journalism



25% -35%

ibinagsak sa presyo
sa pagbili ng buhay
na baboy

nitong taon dahil sa labis-labis na importasyon ng karneng baboy.

Pinagkunan: Pork Producers of the Philippines

Mga sandata sa brutal na pambobomba at pangraratrat

Sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte, sinimulang gamitin ang brutal na taktika ng paggamit ng mga *drone*, helikopter at *fighter jet* sa pambobomba at pagraratrat mula sa himpapawid sa gerang kontra-insurhensya.

Sa nagdaang mga taon, kaliwa't kanan ang pagbili ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ng mga kagamitan para palakasin ang "superioridad sa himpapawid" nito. Daan-daang bilyong piso ang nilustay para sa pagbili ng mga *drone*, helikopter, *fighter jet*, *rocket*, kanyon, at bomba. Pinalalabas na bahagi ito ng "modernisasyon" ng mga kagamitang militar para sa paghahanda sa pagdepensa laban sa panghihimasok sa South China Sea. Ang totoo, malaking bahagi nito ay ginagamit sa todo-gera laban sa mamamayan sa kanayunan.

Sa kasalukuyan, may 17 *medium-altitude long-endurance drone* ang AFP, kabilang ang walong Hermes 450 (may pakpak na 10.5 metro, nakalilipad sa taas na 5.4 kilometro at tumatagal sa ere nang 17 oras) at siyam na Hermes 900 (pakpak na 15 metro, lipad na 10.3 kilometro at nagtatagal nang 36 oras sa ere). Binili ang mga ito sa kumpanyang Elbit Systems ng Israel na kasosyo ng US. Dagdag pa rito ang hindi bababa sa 15 ScanEagle *drone* ng AFP. Ginagamit ang mga *drone* na ito para sa estratehikong pagsarbeylans sa ma-

lalawak na erya.

Mayroon ding mas maliliit na *drone* katulad ng Raptor 1, Knight Falcon 1, at RQ-11 Raven 3 sa arsenal ng AFP na mas mababa ang kapasidad at kayang pumaimbulog nang maksimum na hanggang 5 kilometro. May maliliit na *quadcopter* (apat na elisi) na mas mababa ang lipad at ginagamit kaakibat ng mga operasyong taktikal. May nakatakang ideliber na 1,066 na ganitong *quadcopter*. Katuwang din ng AFP ang mga pwersang militar ng US na gumagamit ng mga *drone* na kinokontrol mula sa base nito sa kampo sa Zamboanga City.

Ang mga *drone* ay mga eroplano na walang sakay na tao na malayuang kinokontrol sa pamamagitan ng satelayt o radyo. Karga ng mga ito ang malalakas na *electro-optical camera* (kumukuha ng larawan), *infrared thermal imaging camera* (kumukuha ng larawan gamit ang temperatura) at iba't ibang kagamitan para sa pagsarbeylans sa lupa. Wala pa sa arsenal ng AFP ang mga armadong *drone*, bagaman may mga ulat mula 2018 na may mga *drone* na naghulog ng bomba. Sa ngayon, ma-


sinsin ang paggamit ng mga *drone* sa intelidyens, sarbeylans, rekonaysans (o pagmamanman) at "target acquisition" o paghahanap ng target. Gumagamit din ang AFP ng mga de-pilotong eroplanong Cessna na may dalang kagamitang pagsarbeylans.

Ginagamit ng AFP sa pambobomba ang mga panalakay na helikopter tulad ng MD-520MG at Agusta Westland (AW 109). Sa kasalukuyan, hawak ng AFP ang 13 AW 109 at 15 MD-520MG. Nambobomba ang mga helikopter na ito gamit ang 6-7 *rocket* (bombang dala ng *rocket*) na may dayametro o taba na 2.75 pulgada at bigat na 15 kilo ang bawat isa. Mayroon ding mga *rocket* na Hydra na 6.2 kilo. Gumagamit din ang AFP ng mga Sikorsky na helikopter na maaari ring kargahan ng masinggan para mang-istraping.

Ginagamit din ng AFP sa pambobomba ang mga eroplanong pandigma katulad ng FA-50 *fighter jet* (na binili noon pang 2014) at A-29B Super Tucano (na sisimulang gamitin sa 2023 matapos ang panahon ng pagsasanay). Ang FA-50 ay kayang lumipad sa bilis na 1,837.5 kph (kilometro kada oras), habang ang Super Tucano ay 590 kph. May kapasidad ang mga eroplanong ito na magkarga ng hanggang pitong malalaking bomba. Bumili ang AFP ng mga bombang AGM-65 Maverick na tumitimbang na 210-304 kilo (katumbas ng 4-6 na sakong bigas). Gumagamit din ang AFP ng mga eroplanong Bronco, OB-12 at Marchetti *jet* sa paghuhulog ng bomba. Inihuhulog ang bomba batay sa impormasyon na nakukuha sa mga *drone*.

Bukod sa pagdadala ng bomba, ang mga eroplanong pandigma na ito ay maaari ring magdala ng mga *rocket*. Kinakabitan din ito ng M61 Vulcan na masinggan na may kapasidad na awtomatikong bumuga ng

"Mga sandata..." ituloy sa pahina 9



Karapatan sa paninirahan, sasagasaan ng MCRP

Niraratsada ng rehimeng Duterte ang konstruksyon ng kontra-mamamayang Malolos-Clark Railway Project (MCRP) na magpapalayas sa tinatayang 1,416 pamilya sa Pampanga, Tarlac at Bulacan. Ang proyektong ito ay popondohan gamit ang \$2.75-bilyong (₱137.5 bilyon) pautang mula sa Japan International Cooperation Agency at Asian Development Bank. Sa nakalipas na 12 buwan, minadali ni Sec. Arthur Tugade ng Department of Transportation (DOTr) ang pagpapasa sa limang malalaking kontrata na nagkakahalaga ng \$2.4 bilyon (₱120 bilyon) para sa konstruksyon ng proyekto sa kabila ng pananalasa ng matinding krisis sa ekonomya na idinulot ng pandemyang Covid-19 sa bansa.

Ang MCRP ay bahagi ng dambuhalang proyektong North-South Commuter Railway Project, isa sa mga nangungunang proyektong pang-imprastruktura sa ilalim ng ambisyosong programang Build, Build, Build ng rehimeng Duterte. Layunin diumano nitong idugtong ang sistema ng tren sa pambansang kabisera sa Central Luzon at paiiksin ang byahe mula Bulacan tungong Clark, Pampanga. Aagawin ng proyekto ang 455,000 ektarya ng mga lupaing residensyal, agrikultural at komersyal sa Malolos, Calumpit at Apalit sa Bulacan; Minalin, Sto. Tomas, San Fernando, Angeles at Mabalacat sa Pampanga; at Bamban at Capas sa Tarlac. Sasaklawin nito ang 59 barangay sa tatlong probinsya, kalakhan (40 barangay) ay nasa Pampanga.

Pinakamalalawak ang kakamkaming lupa at pinakamarami ang mapalalayas na pamilya sa San Fernan-

do (167,000 ektarya, 823 pamilya), Calumpit (61,000 ektarya, 328 pamilya) at Angeles (60,000 ektarya, 197 pamilya). Sa kabuuan, mayorya sa mga pamilyang mapalalayas (1,173) ay mga maralitang walang pag-aaring titulo sa lupa, at sa gayon ay kakarampot lamang ang maaaring makuhang benepisyo mula sa rehimen. Isang beses lamang silang makatatanggap ng ayudang pinansyal na ₱15,000 alinsunod sa ipinapanukalang programang rehabilitasyon ng DOTr na hanggang sa ngayon ay hindi pa rin umuusad.

Halos kalahati (49%) sa mga mapalalayas ay mahigit dalawang dekadang naninirahan sa apektadong mga lugar, habang sangkatlo naman ang nagsabing isa

hanggang sampung taon na silang naninirahan doon. Hindi bababa sa 1,089 na istruktura ang idedemolis para bigyang daan ang paglalatatag sa riles at istasyon ng tren. Tinatayang 784 sa mga ito ay mga bahay, 199 ang istrukturang komersyal, at 97 ang istrukturang industriyal.

Ayon sa inisyal na pag-aaral na inilunsad mismo ng DOTr bago simulan ang proyekto noon pang 2018, marami sa mga apektadong pamilya ang nagpahayag ng pagkabahala kaugnay sa programang relokasyon ng rehimen dahil karamihan ng ipinapanukalang mga erya ng relokasyon ay malayo sa trabaho at pamilihan, ospital at eskwelahan, at mangangahulugan ng dagdag gastos. Marami rin sa mga negosyanteng mapalalayas ang nababahala dahil mawawalan sila ng regular na mga kliyente, at sa posibleng kawalan ng sapat na espasyo para sa negosyo sa kanilang mga paglilipatan. May ilang ulat din ng kawalan ng akses sa tubig at kuryente sa ilang mga erya ng relokasyon. **AB**



"Mga sandata...", mula sa pahina 8

6,000 bala sa isang minuto. Ang pangraratrat mula sa himpapawid ay isinasagawa kahit walang malinaw na target sa lupa. Isinasapeligro nito ang buhay ng sinumang maaaring datnan nito at sumisira ng mga puno, tanim at iba pa. Ang ganitong pagraratrat ay bahagi ng taktika para lumikha ng takot sa mga nasa lupa at palakasin ang loob ng kanilang sariling tropa.

Ang mga rocket at bomba ay lubhang malalakas na uri ng sandata. Sa gera, kadalasang ginagamit

ito sa matitigas na target na may malakas na depensa katulad ng mga kampong militar o mga barokong pandigma. Ang isang bombang 500-libra ay kayang magpaguho ng isang katamtamang laking gusali o kaya'y humukay sa lupa ng butas na 15 piyeng lalim at 30 piyeng lapad. Lalong mapaminsala ang mga bombang ito kapag ito'y kinakabit ng "proximity fuse" na nagpasabog sa bomba bago ito tumama sa lupa.

Dapat ding banggitin ang wa-

lang kapararakang paggamit ng AFP ng mga kanyong *howitzer*. Ang mga kanyong ito ay kinakargahan ng mga bombang 105mm (13 kilo) o 155mm (43.7 kilo). Ang 105mm ay kayang paliparin nang layong 11 kilometro, habang layong 23.5 kilometro ang pwedeng liparin ng 155mm. Ang mga kanyong ito ay may gulong at hinihila ng mga trak ng militar at kadalasang ipinupwesto sa tabi ng mga baryo. Ang bawat pagsabog nito ay naghahatid ng labis na takot sa mga residente. **AB**

Mga magsasaka, lugi sa bagsak-presyong palay

Patuloy ang pagkalugmok sa kahirapan ng masang magsasaka ng palay dahil sa pagsasamantalang pyudal, kawalang-suporta sa produksyon, bagsak presyong pagbebenta at todong pag-iimport ng murang bigas.

Hirap na hirap ang mga magsasaka dahil sa pagsadsad ng presyo ng palay. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), nasa ₱17.14 hanggang ₱20.87 kada kilo ang presyo ng pagbili ng palay sa mga magsasaka sa nagdaang limang taon. Subalit ayon sa mga grupong magsasaka, sa aktwal, sumasadsad sa ₱7-₱10 kada kilo ang presyo nito sa nakaraang dalawang taon. Naitala ito sa ilang prubinsya ng Central Luzon na pangunahing prodyuser ng palay sa bansa.

Malaon nang iginigiit ng mga grupong magsasaka na bilhin ang palay sa mga magsasaka sa presyong ₱20 kada kilo bilang pansuporta sa lokal na produksyon. Sa kabila ng mababang presyo ng pagbili ng palay, ibinebenta ang bigas sa abereyds na tingiang presyo na ₱42.59 sa nagdaang limang taon at umabot sa pinakamataas na ₱45.18 noong 2018.

Lalong nahihila ang presyo ng palay dahil sa pagbaha ng imported na bigas matapos isabatas ang Rice Tariffication Law (RTL) noong Pebrero 2019. Naitala noong taong iyon ang pinakamataas na bolyum ng imported na bigas na pumalo sa 3.131 milyong metriko tonelada (MT) o higit limang beses na mas malaki kaysa noong 2016. Nananatiling mataas ang importasyon sa 2020 at 2021. Taliwas sa pagdadahilan ng mga tagapagtaguyod ng RTL, nasa 1% lamang ang ibinaba sa presyo ng bigas sa mga palengke.

Halos wala nang kinikita ang masang magsasaka sa palay. Umaabot sa ₱12.41 kada kilo ang karaniwang gastos nila sa produksyon. Malayong mataas ito kung ikukumpara sa gastos sa produksyon sa Vietnam na nasa ₱6.22 kada kilo at sa Thailand na nasa ₱8.86 kada kilo.

Lubhang maliit ang saklaw ng batas sa libreng irigasyon. Kahit pa

naisabatas ito noong 2018, papaliit naman ang badyet na inilaan dito. Mula ₱41.67 milyon noong 2018, nasa ₱35.29 milyon na lamang ito noong 2020.

Dagdag pahirap sa mga magsasaka ang paglobo ng presyo ng abono. Ang *urea*, isa sa karaniwang abonong ginagamit ng mga magsasaka ng palay, ay nagmahal nang 12.06% mula 2016 tungong ₱1,046.44 noong 2020. Nagtaasan din ang presyo ng ibang karaniwang ginagamit na abono tulad ng *ammonium sulfate* (8.32%), *diammonium phosphate* (7.57%) at iba pa.

Humigit-kumulang lima't kalahating sako (50 kilo kada sako) ang ginagamit na abono sa isang ektaryang palayan. Kung kukwentahin, tumaas ang gastos ng mga magsasaka sa abono nang ₱688-₱711 sa kada ektaryang sinasaka.

Sa datos ng PSA, "pinakamataas" ang produksyon ng palay sa bansa—19.44-milyong MT noong 2020. Pero ito ay dulot pangunahin ng mas mataas na bolyum ng ulan at mas mabababang ani sa naunang mga taon dulot ng El Niño. Ito ay sa kabila ng pagbaha ng tinatamnang erya mula relatibong mataas na 4.81 milyong ektarya noong 2017 tungong 4.53 milyong ektarya sa 2020 (bawas nang 300,000 ektarya.)

Baha at mababang presyo

Sa huling siklo ng pagtanim ng palay noong Hunyo, gumastos ang magsasakang si Miguel nang ₱19,350 para sa abono sa tatlong ektaryang palayan. Dagdag pa sa gastu-

sin ang herbisidyo na ₱5,730 at pestisidyo na ₱4,324. Inuupahan niya ang mga makinang pansaka at nagpapasahod ng ilang magsasaka para makatuwang sa pag-aani sa kabuuang halaga na ₱16,200 para sa tatlong ektarya.

Dagdag pahirap sa kanya ang pagkasira ng halos sangkapat ng kanyang tanim dahil sa bagyong nanalasa sa South Cotabato. Nakapag-ani lamang siya ng 170 sako (69.47 kilo kada sako) ng palay noong Setyembre. Ikakaltas dito ang 13 sako (8%) bilang upa sa *harvester* na kanyang ginamit. Dito rin ibabawas ang 12 saking pambinhi sa susunod na siklo.

Ang natirang 145 sako na netong ani ay kakaltasan ng 25% o 36 sako bilang bayad sa may-ari ng lupa. Ibabawas dito ang 30 sako bilang pambayad utang sa pinansyer (18 sako) at pangkonsumo (12 sako) ng pamilya.

Maibebenta lamang niya sa presyong ₱13.50 kada kilo ang nalalabing ani. Samu't saring kaltas pa ang kukunin ng komersyante sa pagbebenta nito. Makakukuha lang ng umaabot sa ₱70,134 si Miguel at kailangang bayaran ang nasa ₱60,000 gastos sa produksyon at iba pang utang. Matitira na lamang sa kanya ang ₱10,134 na pagkakasyahin hanggang sa susunod na anihan. **AB**

